

はままつナー

Kagandahang Asal Sa Hamamatsu

Ating Pindutin ang Maligayang Switch!



Ating Pindutin ang Maligayang Switch!

Mabubuting asal
Ito ay mga mensahe
Ikaw ay aking ini- isip

Ang aking damdamin
Ang iyong damdamin
Ang damdamin ng lahat
Kung atin lamang iisipin ang bawa't isa
Ang lahat ay magiging mabait
Ang lahat ay magiging masaya

Mabubuting Asal
Ito ang switch ng kaligayahan
Kaya't ating pindutin ang switch ng kaligayahan



Talaan Ng
Mga Nilalaman

	Page
Pagbati na may ngiti sa mukha ang siyang tulay sa iyo at akin . . .	2
Tayo'y makinig at magsalita ng buong puso	4
Ang iyong pagsasalita ang siyang salamin ng iyong puso	6
Matatalinong Tao	8
Kung ating susundin ang mga alituntunin,Tayo ay liligaya lahat	10
Hamamatsu, Kamangha- manghang Lungsod	12

**Pagbati na may ngiti sa mukha
ang siyang tulay sa iyo at akin**



☆Kamusta ang iyong mga pagbati? Ating tingnan.

Mga pagbati	Palagi	Halos lahat ng oras	Hinding-hindi
①Bumabati ako sa ibang tao na may ngiti.	<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
②Bumabati ako sa ibang tao na may palakaibigang tinig.	<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
③Tumitingin ako sa mata ng tao kapag bumabati.	<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
④Aking malugod na binabati ang aking mga kasam-bahay, kapitbahay, mga guro at mga kaibigan.	<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
⑤Kung ako'y binabati ng ibang tao, aking ibinabalik ang pagbati.	<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>

Markahan ng bilog ang iyong kinatatayuan.Ang nasa ika 4 na taon ay itim, ang ika 5ng taon ay pula, ang ika 6 na taon ay asul.

Magmula muna sa ating sarili ang pagbati na may ngiti



Kung ikaw ay babati ng,"Magandang Umaga

"Ako ay sasagot ng,"Magandang Umaga"ako ay sasagot ng"magandang Umaga"

Maglaro ng sagutan sa Magandang Umaga Pakiramdam kona malapit na ako sa iyo,ito ay nagpapainit ng aking puso Aking palagay na nauunawaan mo ako,Ito ay lubos na nagpapasaya sa akin Ang paglalaro ng sagutan sa pagbatiAy naguugnay sa ating mga puso Naguugnay sa mga tao

Mga tips para sa mga kanais- nais na pagbati

- Magmula sa sarili ang pagbati.
- Tumingin sa mata ng kausap.
- Sa tinig na sapat na maririnig ng kausap.
- Magsalita ng maliwanag at kanais nais na tinig.
- Ngumiti at buksan ang bibig.
- Sa lahat ng kapamilya,kalapit- bahay,mga guro at mga kaibigan.



Tayo'y mahamon!

Kung tayo ay dadaan sa mga guro,bisita o kalapit bahay,ating sikaping mag"Eshaku"sa pag yuko ng kaunti ng ulo. Ang Eshaku ay isang paraan din ng pagbati. Ito ay nagpapahiwatig sa ibang tao, "Na ikaw ay mahalaga sa akin."



Tayo'y makinig at magsalita ng mula sa ating buong puso



Kung may nakikinig sa akin, Kalahati ako ay nalulungkot at dobleng naliligayahan Kung ako ay nakikinig sa ibang tao Akin silang napapalungkot ng kalahati at dobleng saya Ang pakikipag- usap sa ibang tao ng buong sikap Ilagay ang sariling damdamin sa mga sinasabi

☆Kamusta ang iyong pakikinig at pagsasalita?Ating tingnan.

Paraan ng pakikinig

Palagi

Halos lahat ng oras

Hinding-hindi

①Ako ay nakaharap sa kausap at nakatingin habang nakikinig.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
②Ako ay tumatango habang nakikinig sa kausap.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
③Ako ay nakikinig hanggang sa huli.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
④Ako ay nagtatanong kung hindi ko nauunawaan.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>

Paraan ng pagsasalita

Palagi

Halos lahat ng oras

Hinding-hindi

①Ako ay tumitingin sa mata kung nakikipag- usap	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
②Ako ay nagsasalita ng marahan at malinaw.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
③Ako ay nagsasalita ng may tinig na maririnig ng ibang tao.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
④Ako ay nagsisikap na magsalita hanggang sa huli.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
⑤Kung ako ay masaya, Ako ay nagsasalita ng may ngiti.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>

Markahan ng bilog ang iyong kinatatayuan.Ang nasa ika 4 na taon ay itim, ika 5ng taon ay pula, ika 6 na taon ay asul.

Maging Layunin! Maging Maestro Ng Pakikipag-usap!

Kailangan ng tao ang pakikipag-usap. Upang maka-sundo ang ibang tao, mahalaga na unawain ang dam-damin ng ibang tao. Ating pagbutihan ang kaganda-hang asal sa pakikipag-usap upang maging mabuting kaibigan ng lahat.

Makinig

Ang pakikinig ay naghahatid ng pakikipag kaunawaan at pag tanggap sa ibang tao. Sikaping unawain ang damdamin ng ibang tao, tayo'y makinig na may mata, tainga at puso.

《Paraan ng pakikinig》

- Humarap sa kausap, tumingin sa mata.
- Tumango at sumunod sa pakikinig.
- Makinig hanggang sa huli.
- Magtanong kung may hindi nauunawaan.
-
-
-



Ang iyong pagsasalita ay salamin ng iyong damdamin



Kahit ang iyong mga salita ay may parehong paka-hulugan, Ang paraan ng pagsasalita ay nakakapag-pabago ng kahulugan. Depende sa paggamit nito, pinalulungkot mo ang tao. Depende sa paggamit nito, pinasasaya mo ang tao. Kahit ang iyong mga salita ay may parehong paka-hulugan, Ang paraan ng pagsasalita ay nakakapag-pabago ng ating damdamin.

Magsalita

Sa pakikipag-usap sa ibang tao, mahalaga na maki-pag-usap sa paraan na kanilang mauunawaan. Magsalita ng malinaw upang tugon sa pag-unawa ng ibang tao.

《Paraan ng pagsasalita》

- Tumingin sa kausap.
- Magsalita ng marahan at malinaw.
- Magsalita ng naririnig ng ibang tao.
- Magsalita ng malinaw hanggang sa huli.
-
-
-



Ngumiti

Ang iyong tinig at mukha ay mas nangungusap tulad ng mga wika. Ang ngiti ay nagpapahiwatig sa tao na ikaw ay masaya.

Alam mo ba na may "pandinig"at"pakinig"?

Ang "pakikinig" ay pakikinig ng buong puso.

Ating sikaping makinig sa halip na may pandinig lamang tama!

聴 = 耳 + 目心

☆Paano mo pinag-iisipan ang iyong wika? Ating tingnan.

Pagpili at Paggamit Ng Mga Salita

Palagi

Halos lahat ng oras

Hinding-hindi

① Gamit ang "San" at "Kun" kapag tumatawag ng panga-lan ng ibang tao.	<input type="text"/>
② Kapag may taong nagtatanong sa akin, Ako ay suma-sagot ng buong pangungusap. (Sa hulihan ng aking pangungusap aking ginagamit ang "desu" at "masu").	<input type="text"/>
③ Kapag may taong nakikipag-usap sa akin, sumasagot ako ng "Yes", hindi "Yeah".	<input type="text"/>
④ Kapag ako ay nakikipag-usap sa mga nakakatanda ako ay nakikipag-usap ng buong galang.	<input type="text"/>
⑤ Gamit ko ang "watashi" o "boku" para sa aking sarili.	<input type="text"/>
⑥ Hindi ako gumagamit ng masagwang wika, gumaga-mit ako ng wikang madaling maunawaan ng kausap.	<input type="text"/>
⑦ Nagsisikap akong gumamit ng () mga salita.	<input type="text"/>

Markahan ng bilog ang iyong kinatatayuan. Ang nasa ika 4 na taon ay itim, ika 5ng taon ay pula, ika 6 na taon ay asul.

Maunawaing Wika Ay Ating Kayamanan Sa Buhay

Kasabihan na ang iyong wika ay nagpapakita ng iyong damdamin. Ang iyong pag gamit ng mga salita ay nagpapabago kung paano ang tao tutugon. Ating gamitin ang maunawaing wika.

Upang gumamit ng maunawaing wika, isipin ang "kailan", "saan" at "sino".

Halimbawa, sa paaralan...

Sa silid- aralan

Kung ikaw ay magbibigay ng opinyon, magsalita ng dahan- dahan, malinaw at malakas na tinig.

Makipag usap ng buong galang sa mga guro at mga kaibigan

Oras Ng Pahinga

Magsalita ng may maliit na tinig sa loob ng silid-aklatan.

Makipag usap ng buong galang sa mga guro at mga panauhin

Gumamit ng wikang palakaibigan kung nakikipag usap sa iyong mga kaibigan.

Huwag gumamit ng mga salitang () makakasakit sa damdamin ng iyong mga kaibigan.



Matatalinong Tao

~"Salamat" at "Paumanhin" ay ang mga mahikong salita~



Salamat sa iyo

Salamat sa pagtulong sa akin

Salamat sa pagsali sa akin

Salamat sa pagiging nasa tabi

Paumanhin

Paumanhin sa pagkakamali

Paumanhin sa hindi ko pagpansin

Salamat Paumanhin

Mga mahikong salita na nag-uugnay sa ating mga puso

Ating isulat () ang mga salita na makapagpapa-saya sa mga tao



Kapag gamit mo ang () mga salita, ano ang iyong nagiging mukha?

☆Ikaw ba ay sinasabihan ng "Salamat sa iyo" ng ibang tao? Kaya mo bang sabihin ang "Salamat sa iyo" o "Paumanhin"? Ating tingnan.

①Kailan lamang ikaw ba ay nasabihan ng "Salamat sa iyo" ng ibang tao?	Oo	Hindi	
②Ikaw ba ay natural nakapagsasabi ng "Salamat sa iyo"?	Palagi	Halos lahat ng oras	Hinding-hindi
③Ikaw ba ay nakakapag sabi ng "Paumanhin" ng walang pagtanggap?	Palagi	Halos lahat ng oras	Hinding-hindi

Markahan ng bilog an iyong kinatatayuan. Ang nasa ika 4 na taon ay itim, ika 5ng taon ay pula, ika 6 na taon ay asul.

Ang mga lihim ng mga matatalinong tao

Ang mga tao na marunong magpasalamat sa kapwa at mga bagay.

Ang mga tao na marunong humingi ng paumanhin ng buong tapat.

Ang mga taong marunong mag-alala sa damdamin ng ibang tao, at marunong makibagay sa mga taong nakapaligid.



Ang mga tao na nakapagsasabi ng "Salamat sa iyo".

Tayo'y nabubuhay sa tulong at taguyod ng maraming tao. Ating sikap maging mapagpasalamat kahit sa maliliit na bagay at ipahayag sa pagsasabi ng "Salamat sa iyo." Ito ay makapagpapasaya sa iyo at sa mga taong naka- paligid sa iyo

Ano ang palagay mo sa mga taong nakapagsasabi ng "Salamat sa iyo"?

-
-
-



Ang mga tao na nakapagsasabi ng "Paumanhin".

Ang lahat ng tao ay nakapang-aabala sa ibang tao o nakapananakit ng kanilang damdamin minsan. Kung ito ay mangyayari, ang mahalaga ay makahingi ng paumanhin. Kailangan nating makapag sabi ng "Paumanhin"ng buong tapat.

Ano ang palagay mo sa mga taong nakapagsasabi ng "Paumanhin"?

-
-
-



Ang Diwa Ng "Mottainai" (Pag- aaksaya)

Sa bansang Hapon, mayroon tayong kahanga-hangang kataga "mottainai". Ang "mottainai" ay nagpa pahiwatig ng mainit na damdamin ng pagpapasalamat at pag- aalaga sa mga bagay o gamit. Kapag napag halo ang mga bagay, ito ay magiging basura lahat, ngunit kung ipagbubukod- bukod, maa-ari itong mapagkukunan. Ating ingatan ang ating mga kakaunting mapagkukunan.







Hindi nasusunog na basura Nasusunog na basura

Ang iyong pangako

Kung ating susundin ang mga alituntunin, lahat tayo ay magiging maligaya



☆Ikaw ba ay nakakasunod? Ating tingnan.

		Palagi	Halos lahat ng oras	Hinding-hindi
Sa loob ng tren at bus 	Tumahimik	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Huwag tumakbo ng paikot- ikot.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Umupo sa iisang upuan lamang.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Huwag umupo sa mga upuang pinauuna.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Ibigay sa iba ang iyong upuan.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Lumayo sa pinto ng mga daanan.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Sa mga Pampublikong Gusali 	Tumahimik	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Huwag tumakbo ng paikot- ikot.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Ipila ang iyong sapatos.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Iligpit ang ginamit na gamit.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Huwag hipuin ang mga naka display.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Kapag pumipila, 	Pumila ng maayos.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Huwag lumundag o magpauna sa pila.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Sa kalsada 	Maglakad ng nakapila sa bandang kanan.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Sundin ang mga batas ng trapiko.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Huwag tumakbong bigla sa kalsada.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
	Sundin ang mga batas sa pagbibisikleta. (Magsuot ng helmet)	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>

Markahan ng bilog ang iyong kinatatayuan. Ang nasa ika 4 na taon ay gumamit ng itim, ika 5ng taon ay pula, at ika 6 na taon ay asul.

Ikaw ay isang miyembro ng lipunan din.

Maraming tao sa pampublikong lugar.

May mga matatandang tao at mga buntis rin na nasa loob ng tren. Ang ilan ay mga pagod din.

Sa loob ng silid-aklatan, ang ilan ay nagbabasa, at ang ilan ay naghahanap ng mga impormasyon.

Kaya't sa mga ganitong lugar, kinakailangan ang konting pasensya. Ang pagkakaroon ng pasensya ay nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng konsiderasyon sa ibang tao na nakapaligid sa iyo.




Pag-uugali sa mga pampublikong lugar.



- Huwag mong gawin sa iba, kung ayaw mong gawin din sa iyo ng iba.
- Isipin mo kung paano mo tingnan ang ibang tao.
- Sikaping mag bigay sa ibang tao sa pagsasabing, "Para sa iyo!"
- Kumilos ng nababagay sa tamang oras at lugar.




Ano ang iyong gagawin sa ganitong mga sitwasyon?



Hindi lamang ang sariling buhay ang pangangalagaan.

Huwag kang tatakbo ng bigla sa kalsada at sumunod sa batas ng paglalakad at mabuting asal sa pagbibisikleta upang mapangalagaan ka sa anomang sakuna sa trapiko. Ito ay makapag-iingat din sa ibang tao.



Hamamatsu, Kamangha-manghang Lungsod

Ang aking mga kalarong kaibigan

Ang aking mga taong nadaraan sa lansangan

Ang aking maraming taong hindi pa nakikilala

May mga tao, mga tao, mga tao sa iyong kapaligiran

Sa pagiging maunawain at maaalanan sa bawat isa ay makakatulong na maging kamangha-mangha ang Lungsod ng Hamamatsu.

[Kagandahang Asal Sa Hamamatsu] Mga Kawani

- Direktor Ng Editoryal Yukihiro Miyachi
- Pangalawang Direktor Ng Editoryal Michiyuki Sugiura
- Pamatnugutan Yoshiko Ota
Mariko Ikeya
Masashi Murata
- Dibisyon Sa Pagpatnubay Ng Kagawaran Ng Edukasyon Ng Lungsod Ng Hamamatsu
- Nag-ambag ng mga larawan Kazunori Suzuki
(capa - P12 - P13)

Ngayon... Ako ay...

Bukas... Ako ay magiging...





タガログ語版

Mababang Paaralan		
4 -	5 -	6 -
Pangalan		



Kagandahang Asal Sa Hamamatsu

Inilathala : Pebrero 2011

Naglathala : Dibisyon Sa Pagpatnubay Ng Kagawaran Ng
Edukasyon Ng Lungsod Ng Hamamatsu
Nagpalimbag : Hamamatsu-shi, Naka-ku, Chuo 1-2-1
E- Stage Hamamatsu Office 5F